


Pagbuo ng Magandang Credit o Pautang

*Paggawa ng Mga Hakbang Para Mapaganda ang Iyong
Credit o Pautang*



Hatid sa inyo ng

Pagbuo ng Magandang Credit o Pautang



Ang pagkakaroon ng magandang credit ay isang mahalagang bahagi ng pinansyal na kakayahan ng isang consumer, pero hindi kusa ang pagkakaroon ng magandang credit o pautang. Resulta ito ng disiplina at pagpaplano. Magsimula ngayong araw, at magresulta ang maganda ninyong credit o pautang sa mas magagandang tuntunin sa pautang, mas mababang interest rate o patubo, at mas malalaking pinansyal na oportunidad sa hinaharap.

Kilalanin ang Kahalagahan ng Magandang Credit o Pautang

Pinapataas ng magandang credit history ang kumpiyansa ng mga nagpapautang at creditor kapag nagpautang sila ng pera sa inyo. Kapag nakita nilang nabayaran ninyo ang inyong mga utang ayon sa napagkasunduan, mas malamang na magpapautang muli ang mga nagpapautang. Kung maganda ang credit o pautang, makakapangutang kayo para sa mga malakihang gastusin, gaya ng bahay, sasakyan, o edukasyon, at makakahiram kayo ng pera sa mas mababang halaga — at sa huli ay makakatipid kayo ng pera.

Unawain ang Inyong Credit Score

Kapag nag-apply kayo ng credit o pautang, ang isa sa unang bagay na gagawin ng nagpapautang sa inyo ay ang paghingi ng kopya ng inyong credit report mula sa ahensya ng credit reporting. Ipapakita sa inyong credit report ang history ng mga aktibidad ninyo na may kinalaman sa credit o pautang, kasama ang inyong credit score. Computer-generated ang inyong credit score gamit ang isang formula na nagbibigay ng pangkalahatang-ideya kung karapat-dapat kayong pautangin, na tumatantya kung gaano ninyo kayang bayaran ang inyong mga utang. Maraming formula na ginagamit sa ngayon, pero ang pinakakaraniwan ay ang mula sa Fair Isaac Corporation (FICO). Ayon sa kanilang Web site (www.myfico.com), kung tutukuyin ang inyong credit score gamit ang formula na ito, kakalkulahin ito gamit ang mga sumusunod na salik:

- **History ng Pagbabayad** (35 porsyento) – Nakakapagbayad ba kayo sa tamang oras? Naranasan na ba ninyong mag-file ng pagkalugi o bankruptcy o nawalan na ba kayo ng bahay dahil sa pagremata o foreclosure? Gaano na kadalas napunta ang inyong bill sa collections?
- **Halagang Inutang** (30 porsyento) – Magkano ang utang ninyo sa mga nagpapautang at creditor?
- **Haba ng Credit History** (15 porsyento) – Gaano na kayo katagal may credit o pautang?

- **Bagong Credit o Pautang** (10 porsyento) – Isinasaad ba ng inyong credit report na nagpasa kayo ng masyadong maraming aplikasyon para sa bagong pautang at posibleng umuutang kayo nang sobra? Tumanggap ba kayo kamakailan ng maraming credit line sa loob ng maikling panahon?
- **Mga Uri ng Ginamit na Pautang o Credit** (10 porsyento) – Ipinapakita ba sa inyong credit report na gumagamit kayo ng “ideyal” na kombinasyon ng mga uri ng pautang?

Magkaroon at Magpanatili ng Magandang Credit o Pautang

Kung matututunan ninyo kung paano gamitin sa tamang paraan ang inyong credit o pautang, mas mabilis kayong makakabili ng bahay. Ang mga desisyon ninyo sa credit o pautang ay makakaapekto sa inyong pinansya sa hinaharap. Pero, bago kayo makagamit ng credit o pautang sa tamang paraan, kailangan muna ninyong buuin ang inyong credit o pautang. Narito ang ilang tip para tulungan kayong magsimula:

- **Magbukas ng mga checking at savings account.** Kapag nagbukas ka ng checking at savings account, subukan palagi na lampasan ang minimum na balanse, huwag kailanman magpatalbog ng mga tseke, at magdeposito nang regular.
- **Maging maingat sa paggamit ng mga credit card.** Maginhawa at madaling gamitin ang mga credit card, pero kung hindi magiging maingat, puwede itong makasama sa inyong credit o pautang. Kung hahayaan ninyong magkaroon ng matataas na hindi nababayaran balanse ang inyong mga credit card, o kung ang minimum na halagang dapat bayaran lang ang binabayaran ninyo (minimum amount due), magresulta ito sa daan-daan o libu-libong dolyar na interes. Sa kabilang banda, kung babayaran ninyo ang mga ito nang buo kada buwan, makakatulong ang mga credit card na magkaroon kayo ng magandang credit o pautang, at kayo ang makikinabang sa hinaharap.

- **Magkaroon ng hiwalay na credit o pautang.** Mahalaga sa magkarelasyon o mag-asawa na magkaroon ng sarili nilang credit o pautang para makatulong sa pagkamit ng mga pinansyal na layunin at bilang proteksyon sa mga hindi inaasahang pangyayari, gaya ng pagkamatay, diborsyo, o iba pang pagbabago sa buhay. Regular dapat na pag-usapan ng mga magkarelasyon ang mga personal nilang gastusin at mga gastusin nila sa bahay para matiyak na wala sa kanilang may mga gastusing hindi kayang bayaran.
- **Pangatawanan ang inyong pangako na magbabayad.** Mahalagang pangatawanan ninyo ang pangako ninyong magbayad ng mga pautang o credit card sa tamang oras at sa mga itinakdang halagang. Agad na makipag-ugnayan sa nagpapautang sa inyo o sa inyong creditor kung nahihirapan kayong makapagbayad.
- **Alamin kung ano ang nasa inyong credit report.** Tingnan ang inyong credit report sa loob ng kahit man lang isang beses kada taon sa www.annualcreditreport.com para matiyak ang katumpakan nito. Kung nagpaplano kayong bumili ng isang bagay na mahal, tingnan muna ang inyong credit report bago bumili para maiwasan ang anumang hindi inaasahang pangyayari at para magkaroon kayo ng sapat na oras para itama ang anumang mali.

I-restore ang Inyong Credit o Pautang

Posibleng may mga pangyayari sa inyong history kung saan nakaranas kayo ng pinansyal na hirap na nagresulta sa mga problema sa credit o pautang. Kung oo, may mga paraan para i-restore o ang inyong credit o pautang para maging mas positibo ito:

- **Makipag-ugnayan sa mga dating creditor kung saan kayo may magandang record ng pagbabayad.** Baka ayos lang sa kanilang pautangin kayong muli para muling mabuo ang inyong credit.
- **Masusing tingnan ang anumang alok sa credit card na natatanggap ninyo.** Hindi naman ninyo gugustuhing magkaroon ng marami; wkadalasan, ayos na ang dalawang credit card.
- **Iwasan ang mga credit repair company na hindi mapagkakatiwalaan sa lahat ng pagkakataon.** Puwede kayong nakawan ng mga nangangako ng mabilis at madaling solusyon, at puwedeng mas mabaon pa kayo sa utang. Sa halip, makipag-ugnayan sa isang mapagkakatiwalaang nonprofit na organisasyon sa pagpapayo sa pautang.

Kumilos Ngayon Para Mapaganda ang Inyong Credit o Pautang

Sa pamamagitan ng pag-unawa sa credit at mga sistema sa pagsusuri ng credit o pautang, nasa tamang landas kayo ng pag-abot sa inyong mga layunin at paggawa ng mga tamang desisyon. Magsimula ngayon, at ang maganda ninyong credit o pautang ang magbibigay sa inyo ng pinansyal na bentahe para sa mas magagandang termino sa pautang, mas mabababang interest rate o patubo, at mas malalaking pinansyal na oportunidad, lalo na kung gusto ninyong bumili ng bahay.

Tandaan, walang habambuhay na credit score. Nagbabago ito sa paglipas ng panahon, kaya naman mapapaganda ninyo ito sa paglipas ng panahon. Sa tuwing nagbabayad kayo sa tamang oras, sa tuwing nagpapababa kayo ng balanse, o sa tuwing nababayaran ninyo nang buo ang isang utang, nagdaragdag kayo ng panibagong entry sa inyong credit report. Kung huhusayan ninyo ang pamamahala sa inyong credit, magkakaroon kayo ng mas mataas na credit score.

Para sa Higit Pang Impormasyon

- Ang Freddie Mac CreditSmart® curriculum ay isang gabay sa consumer para sa pagkakaroon ng mas magandang credit o pautang, pamamahala sa pera, at responsableng homeownership. Bisitahin ang FreddieMac.com/creditsmart para mag-download ng mga resource para sa consumer, na available sa limang wika.
- Para humanap ng ahensyang tagapayo sa pabahay na aprubado ng HUD na malapit sa inyo, bisitahin ang www.hud.gov o tumawag sa 800-569-4287.

- Ang “Tungkol sa Pagkakaroon ng Sariling Bahay (About Homeownership)” ay ang online na gabay ng Freddie Mac sa proseso ng pagbili ng bahay at matagumpay na pagkakaroon ng sariling bahay. Bisitahin kami sa FreddieMac.com/homeownership.
- Iwasan ang mga manloloko! Matuto tungkol sa mga panlolokong karaniwan sa inyong lugar, at makakuha ng mga payo sa susunod ninyong kasunduan sa pautang. Magbasa pa tungkol sa mga madalas na pandaraya sa FreddieMac.com/avoidfraud.

Pinagkukunan

Ang content ay hango sa premyadong curriculum ng Freddie Mac na CreditSmart, isang multilingual na pinansyal na pang-edukasyong curriculum na idinisenyo para tulungan ang mga consumer na makabuo at makapagpanatili ng magandang credit o pautang, makagawa ng magagandang desisyon sa pinansya, at maunawaan ang mga hakbang patungo sa isang sustainable na homeownership.



Hatid sa inyo ng